# *Alameda Alliance for Health*
# Benepisyo sa Transportasyon ng Medi-Cal

**Libre ang transportasyon papunta sa mga medikal na appointment at serbisyo.**





Sa Alameda Alliance for Health (Alliance), narito kami para tulungan ang aming mga miyembro na manatiling malusog at aktibo.
Makakakuha ang mga miyembro ng Alliance Medi-Cal ng libreng masasakyan papunta sa kanilang mga medikal na appointment at serbisyo.

May sinasaklaw ang Alliance na dalawang (2) uri ng mga serbisyo sa transportasyon:

1. Hindi medikal na transportasyon (non-medical transportation, NMT)
2. Hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (non-emergency medical transportation, NEMT)

## Hindi Medikal na Transportasyon (NMT)

Puwedeng gamitin ng mga miyembro ng Alliance na may saklaw ng Medi-Cal ang NMT kapag kailangan nilang:

- Kumuha ng mga reseta at medikal na supply.
- Bumiyahe papunta at pauwi mula sa isang medikal na appointment na pinahintulutan ng provider.

Sinasaklaw ng benepisyo sa NMT ng Alliance ang paggamit ng sasakyan, taxi, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan para makapunta sa isang medikal na appointment.

Para magpaiskedyul ng serbisyo sa NMT, tingnan ang listahan ng mga matatawagang toll-free na numero sa **pahina 2**.





## Hindi Pang-emergency na Medikal na Transportasyon (NEMT)

Ang hindi pang-emergency na medikal na transportasyon (NEMT) ay para sa mga miyembrong walang kakayahang makapunta sa isang medikal na appointment (medikal, para sa ngipin, kalusugan ng pag-iisip, o disorder sa paggamit ng substance) sa pamamagitan ng sasakyan, bus, tren, taxi, o iba pang antas ng serbisyo ng NMT.

Ginagamit ng NEMT ang mga sumusunod na antas ng serbisyo:

- Transportasyon sa himpapawid
- Ambulansya
- Litter/gurney van
- Wheelchair van

Dapat kumpletuhin at isumite ng doktor ang Form ng Pahayag ng Sertipikasyon ng Doktor (Physician Certification Statement, PCS) sa Alliance bago humiling ng NEMT. Kapag naipadala na ang form sa Alliance, puwede nang magpaiskedyul ang miyembro o doktor ng transportasyon gamit ang numero sa ibaba. Makikita ang Form ng PCS sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.

## Pag-iiskedyul

Ipaiskedyul ang kahilingan sa transportasyon hindi bababa sa tatlong (3) araw ng negosyo bago ang appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang ID card bilang miyembro ng Alliance kapag tumawag ka.

| Kung isa kang… | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Miyembro ng Alliance | Toll-Free: **1.866.791.4158** |
| **Provider** ng Alliance na tumatawag sa ngalan ng isang miyembro ng Alliance | Toll-Free: **1.866.529.2128** |
| Provider ng Alliance na may mga iuulat na real-time na alalahanin | Toll-Free na Linya para sa Pag-escalate: **1.866.779.0569** |

Para magpaiskedyul ng masasakyan, puwedeng i-download at gamitin ng mga miyembro ng Alliance ang **Modivcare App** mula sa Google Play® o Apple App Store® sa isang smartphone o tablet.

**May mga tanong?**
Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance
Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm
Numero ng Telepono: **1.510.747.4567** • Toll-Free: **1.877.932.2738**
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita
(CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**
**www.alamedaalliance.org**